# *Ginagawa Mo ba ang Kalooban ng Dios Yugto 6*
# *Ang pagdurusa para kay Cristo*

***"1 Kung paano ngang si Cristo ay nagbata sa laman, ay magsandata rin naman kayo ng gayong pagiisip; sapagka't siya na nagbata sa laman ay nagpapatigil sa kasalanan; 2 Upang huwag na kayong mangabuhay sa laman sa inyong nalalabing panahon sa mga masamang pita ng mga tao, kundi sa kalooban ng Dios. 3 Sapagka't sukat na ang nakaraang panahon upang gawin ang hangad ng mga Gentil, at lumakad sa kalibugan, sa mga masamang pita, sa mga paglalasing, sa mga kalayawan, sa mga kayamuan, at sa kasuklamsuklam na pagsamba sa mga diosdiosan: 4 Ikinahahanga nila ang bagay na ito na kayo'y hindi nakikitakbong kasama nila sa gayong pagpapakalabis ng kaguluhan, kung kaya't kayo'y pinagsasalitaan ng masama: 5 Na sila'y magbibigay sulit sa kaniya na handang humukom sa mga buhay at sa mga patay. 6 Sapagka't dahil dito'y ipinangaral maging sa mga patay ang evangelio, upang sila, ayon sa mga tao sa laman ay mangahatulan, datapuwa't mangabuhay sa espiritu ayon sa Dios. 7 Nguni't ang wakas ng lahat ng mga bagay ay malapit na: kayo nga'y mangagpakahinahon, at mangagpuyat sa pananalangin:" (1 Pedro 4:1-7)***

Ito ay isang hamon sa sinulat ni Pedro tungkol sa buhay ng mga tao kay Cristo: ***"Upang huwag na kayong mangabuhay sa laman sa inyong nalalabing panahon sa mga masamang pita ng mga tao, kundi sa kalooban ng Dios." (1 Pedro 4:2)*** Ang paghihirap sa laman ay pagtawag ni Jesus sa buhay ng bawat mananampalataya. Ang pagdurusa ay nasasangkot sa paglakad sa makipot na daan. Ang paghihirap ay nasasangkot sa pagbabawal sa kasiyahan sa sanglibutang ito. Ang pagdurusa ay nangangailangan ng pagtalikod sa ating damdamin, sa ating mga plano, sa ating mga pangarap, at bumalik sa Dios at lumakad sa plano na inihanda Niya para sa atin.

***"1 Kung paano ngang si Cristo ay nagbata sa laman, ay magsandata rin naman kayo ng gayong pagiisip; sapagka't siya na nagbata sa laman ay nagpapatigil sa kasalanan;" (1 Pedro 4:1)*** Si Cristo ang Hari ng kaluwalhatian iniwan Niya ang Kanyang Makalangit na tahanan na nasa kanang kamay ng Dios ng Ama at bumaba sa lupa at naging dukha para sa ating kapakanan, ***"Sapagka't nalalaman ninyo ang biyaya ng ating Panginoong Jesucristo, na, bagaman siya'y mayaman, gayon ma'y nagpakadukha dahil sa inyo, upang sa pamamagitan ng kaniyang karukhaan ay magsiyaman kayo." (2 Corinto 8:9)*** Siya'y dumating upang magsiyaman tayo ngunit sinugo Siya sa mga mayayaman upang maging walang anoman, ***"53 Binusog niya ang nangagugutom ng mabubuting bagay; At pinaalis niya ang mayayaman, na walang anoman." (Lucas 1:53)*** Ang Panginoon ay hindi labag sa kayamanan ngunit labag Siya sa mga tao na ginagamit ang kayamanan para sa pagnanasa ng laman. Ang Dios ang nagbigay ng mga kayamanan at pagpapala sa lahat, upang bigyan tayo ng kaginhawaan sa pagbibigay sa ating pangangailangan at upang magsigawa sa Kanyang Kaharian. Si Cristo ay bumaba mula sa Langit at naging dukha at nagpakasakit upang paginhawain tayo mula sa ating mga pagsubok at mga kaguluhan. Si Cristo ang Manlilikha ngunit hindi Siya naglaan ng higit sa Kanyang sarili o nagmarangya nang higit sa Kanyang katawan habang Siya ay nasa lupa. Si Cristo ay naparito upang gawin ang kalooban ng Dios at Siya ay nagdusa at nagtiyaga sa paggawa niyon.

Sinabi ni Apostol Pedro ***"magsandata rin naman kayo ng gayong pagiisip"*** Patungo sa iyong pagiisip at kung saan nakatutok ang iyong mga mata. Ang kaisipan ng makamundong mga tao ay nakatuon tungkol sa pagkain, sa pagsasaya, pagdiriwang, pag asam para sa bagong karanaaan, pagkuha ng pilak at ginto, maraming palamuti, katanyagan, mga kahalayan, pagpapaganda at ang katulad nito. Si Cristo nang siya ay pumarito sa lupa Siya ay nagpakasakit, tiniis ang lahat ng mga tuksong ito at Siya ay nagtagumpay. ***"Palibhasa'y nagbata siya sa pagkatukso, siya'y makasasaklolo sa mga tinutukso." (Hebreo 2:18)*** Si Cristo sa pagiging Manlilikha, ay bumaba mula sa Langit, nagpakasakit, nilasap ang kamatayan sa krus, ngunit Siya ay nagtagumpay bilang binuhay siya ng Dios mula sa kamatayan, naging kapitan ng ating kaligtasan, ***"9 Kundi nakikita natin ang ginawang mababa ng kaunti kay sa mga anghel, sa makatuwid ay si Jesus, na dahil sa pagbata ng kamatayan ay pinutungan ng kaluwalhatian at karangalan, upang sa pamamagitan ng biyaya ng Dios ay lasapin niya ang kamatayan dahil sa bawa't tao. 10 Sapagka't marapat sa kaniya na pinagukulan ng lahat ng mga bagay, at sa pamamagitan niya ang lahat ng mga bagay, sa pagdadala ng maraming anak sa kaluwalhatian na gawing sakdal siyang may gawa ng kaligtasan nila sa pamamagitan ng mga sakit." (Hebreo 2:9-10)*** Samakatuwid gaya ng Siya ay naging ganap sa pamamagitan ng pagdurusa, kung gayon nagawa Niyang tulungan at iligtas tayo mula sa lahat ng mga tukso na pinagdadaanan natin habang inilalagay natin ang ating pagtitiwala at kumpiyansa sa Kanya, sinasandatahan ang ating mga sarili gayundin ng parehong pag iisip ni Cristo, na hindi na dapat tayong mabuhay sa nalalabing panahon sa laman sa pagnanasa ng mga tao kundi sa kalooban ng Dios.

***"sapagka't siya na nagbata sa laman ay nagpapatigil sa kasalanan."*** Kapag kusang-loob tayong tumatanggi na pahintulutan ang ating laman na magpakasawa sa makamundong gawain at kasiyahan ay hindi natin direktang nilalabanan at tumitigil sa buhay ng kasalanan. Sinabi ni Jesus sa Kanyang pangalawang pagparito nakaugnay ito sa pangyayari ng pagkalipol dahil sa kasalanan sa lumang sanglibutan ng panahon ni Noe at sa Sodom at Gomorrah, ***"26 At kung paano ang nangyari sa mga kaarawan ni Noe, ay gayon din naman ang mangyayari sa mga kaarawan ng Anak ng tao. 27 Sila'y nagsisikain, sila'y nagsisiinom, sila'y nangagaasawa, at sila'y pinapagaasawa, hanggang sa araw na pumasok sa daong si Noe, at dumating ang paggunaw, at nilipol silang lahat. 28 Gayon din naman kung paano ang nangyari sa mga kaarawan ni Lot; sila'y nagsisikain, sila'y nagsisiinom, sila'y nangagaasawa, sila'y pinagpagasawa sila'y nagsisibili, sila'y nangagbibili, sila'y nangagtatanim, sila'y nangagtatayo ng bahay. 29 Datapuwa't nang araw na umalis sa Sodoma si Lot, ay umulan mula sa langit ng apoy at asupre, at nilipol silang lahat:" (Lucas 17:26-29)*** Tandaan, hahatulan ng Panginoon ang sumusunod: ***"Sila'y nagsisikain, sila'y nagsisiinom, sila'y nangagaasawa, sila'y pinapagasawa nagsisibili, sila'y nangagbibili, sila'y nangagtatanim, sila'y nangagtatayo ng bahay."*** Ang mga salitang pagkilos na hahatulan ng Dios ay ang 'nagsisikain, nagsisiinom, nangagaasawa, pinagpagasawa, nagsisibili, sila'y nag-aasawa, bumibili, nagsisibili, nagtatanim at sila'y nangagtayo.' Walang malinaw na makasalanang gawain gaya ng pagnanakaw, pagsisinungaling, pagpatay, o pangangalunya. Ngunit ang maliwanag ay ang kanilang buhay ay nagbibigay ng buong lakas sa pagnanasa ng laman. Walang pagtanggi sa kanilang laman ng kasiyahan sa pagkain, sa pita ng laman patungo sa ibang kasarian sa pag-aasawa sa kanilang ginugusto at ninanais, paggawa ng sariling kalooban sa pagsisimula ng bagong mga negosyo, sa pagbebenta at pagbili, at sa pagtatanim at pagtatayo ng kanilang

gusto. Sila'y hindi nagpakita ng pagpipigil sa nais ng Dios na gawin nila sa pamamagitan ng pagsunod sa dikta ng kanilang sariling kalooban. Hindi nila hinayaang magdusa ang kanilang laman sa anumang paraan, at sa gayon sila'y sagana sa kanilang mga kasalanan. Sa parehong paraan ngayon sa pagiging mulat para pasiyahain ang lahat ng pagnanasa ng laman ay ang paraan upang pahintulutan ang makasalanang kalikasan na manguna sa ating buhay. Ang higit na binibigyang daan natin ang laman, kung gayon ang higit na tayo ay nanagana sa kasalanan.

***"sapagka't siya na nagbata sa laman ay nagpapatigil sa kasalanan":*** Ang pagtawag ng Dios ngayon sa ating buhay ay lumayo sa kasalanan at ang daan upang gawin natin iyon ay pag-iwas mula sa mga kasiyahan hanggang sa abot ng ating makakaya at itanggi ang pagnanasa ng makasalanang laman. Ang salaysay ng mayamang lalaki at si Lazaro ay ipinahayag ang tungkol sa dahilan na ang mayamang lalaki ay hinatulan at ipinadala sa impierno.

***"19 Mayroon ngang isang taong mayaman, at siya'y nagdaramit ng kulay ube at maselang lino, at sa araw-araw ay kumakain ng sagana: 20 At isang pulubi na ang pangala'y Lazaro, lipos ng mga sugat, ay inilalagay sa kaniyang pintuan, 21 At naghahangad na mapakain ng mga mumo na nangahuhulog mula sa dulang ng mayaman; oo, at lumapit pati ang mga aso at hinihimuran ang kaniyang mga sugat. 22 At nangyari, na namatay ang pulubi at siya'y dinala ng mga anghel sa sinapupunan ni Abraham: at namatay naman ang mayaman, at inilibing. 23 At sa Hades na nasa mga pagdurusa ay itiningin niya ang kaniyang mga mata, at natanaw sa malayo si Abraham, at si Lazaro ay nasa kaniyang sinapupunan. 24 At siya'y sumigaw at sinabi, Amang Abraham, maawa ka sa akin, at suguin mo si Lazaro, upang itubog niya sa tubig ang dulo ng kaniyang daliri, at palamigin ang aking dila; sapagka't naghihirap ako sa alab na ito. 25 Datapuwa't sinabi ni Abraham, Anak, alalahanin mo na ikaw ay tumanggap ng iyong mabubuting bagay sa iyong pamumuhay, at si Lazaro sa gayon ding paraan ay masasamang bagay: datapuwa't ngayon, ay inaaliw siya rini, at ikaw ay nasa kahirapan. 26 At bukod sa lahat ng ito, ay may isang malaking banging nakalagay sa pagitan namin at ninyo, upang ang mga magibig tumawid buhat dini hanggang sa inyo ay hindi maari, at gayon din walang makatawid mula diyan hanggang sa amin. 27 At sinabi niya, Ipinamamanhik ko nga sa iyo, ama, na suguin mo siya sa bahay ng aking ama; 28 Sapagka't ako'y may limang kapatid na lalake; upang sa kanila'y patotohanan niya, baka pati sila'y mangaparito sa dakong ito ng pagdurusa. 29 Datapuwa't sinabi ni Abraham, Nasa kanila si Moises at ang mga propeta; bayaang sila'y pakinggan nila. 30 At sinabi niya, Hindi amang Abraham: datapuwa't kung ang isang mula sa mga patay ay makaparoon sa kanila, sila'y mangagsisisi. 31 At sinabi niya sa kaniya, Kung di nila pinakikinggan si Moises at ang mga propeta, ay di rin mangahihikayat sila, kahit ang isa'y magbangon sa mga patay." (Lucas 16:19-31)*** Ang dahilan sa inihayag ni Abraham sa mayamang iyon ay kung bakit siya ay nasa impierno ay ating mababasa sa bersekulo 25, ***"Datapuwa't sinabi ni Abraham, Anak, alalahanin mo na ikaw ay tumanggap ng iyong mabubuting bagay sa iyong pamumuhay, at si Lazaro sa gayon ding paraan ay masasamang bagay: datapuwa't ngayon, ay inaaliw siya rini, at ikaw ay nasa kahirapan." (Lucas 16:25)*** Ipinadala siya sa impierno dahil hindi niya hinayaang magdusa ang kanyang katawan. Tinanggap niya ang pinakamaganda sa lahat ng magagadang bagay sa panahon ng kanyang buhay hanggang sa kanyang kamatayan. Hindi niya ipinagkait sa sarili ang kasiyahan. Ang mayamang lalaki iyon ay hindi hinatulan dahil hindi niya tinulungan ang dukhang si Lazaro, kundi ang kanyang walang pakiramdam na mamuhay ng payak na buhay at hindi pagpansin sa mabuting halimbawa ni Lazaro ay ang dahilan ng kanyang kaparusahan. Hindi ko sinasabi rito na hindi dapat tayong tumulong sa mga dukha, ngunit hindi iyon ang dahiln kung bakit ang mayamang lalaking iyon ay hinatulan sa impierno.

Hiniling ng mayamang lalaki kay Lazaro na basain ng kanyang dila ay pinigilan ni Abraham, ipinapaliwanag sa kanya na may malaking banging na nakalagay sa pagitan nila. Sa pakarinig niyon, hiniling niya ulit kay Lazaro na magsugo sa kanyang sangbahayan upang sabihin niya sa kanyang limang mga kapatid na lalaki na huwag pumunta sa lugar na iyon, ***"Sapagka't ako'y may limang kapatid na lalake; upang sa kanila'y patotohanan niya, baka pati sila'y mangaparito sa dakong ito ng pagdurusa." (Lucas 16:28)*** Ang mayamang lalaki ay may naiwan siyang limang kapatid na lalaki na nasaksihan kung paanong siya'y namuhay sa karangyaan. Tiyak sa pagharap sa kanya ni Abraham, sa gayon siya ay naging masamang halimbawa sa kanila at nais niyang ituwid sila sa pamamagitan ng pagpadala ni Lazaro sa kanila upang sabihin sa kanila ang katotohanan sa lugar na ang kanilang kapatid ay napunta. Ngunit, ***"Datapuwa't sinabi ni Abraham, Nasa kanila si Moises at ang mga propeta; bayaang sila'y pakinggan nila." (Lucas 16:29)*** Ang mga propeta ng Lumang Testamento at ang mga Apostol ng Bagong Testamento at ang mga banal ay napaka mabuting halimbawa sa atin ngayon na mabuhay malayo sa kamunduhan at mamuhay ng isang payak na pamumuhay na nakalulugod sa Dios ng may kahandaan na magdusa para sa Kanya. Ang pamumuhay ng mayamang lalaki ay namuhay salungat sa Salita ng Dios at sa paraan na ipinahayag ni Moses at ng mga propeta sa Salita ng Dios.

Ngayon ito ay mas malinaw kung bakit kailangan nating tanggapin ang paksa ng pagdurusa para kay Cristo, dahil sa ganoong paraan tayo ay makatitiyak na tayo ay hihinto mula sa kasalanan. Pati na rin sa ganoong pag iisip at saloobin tayo ay magiging isang mabuting halimbawa sa iba sa pamumuhay ng simpleng buhay, malayo sa kamunduhan, malayo mula sa pita ng laman, pagtanggap sa mga pagsubok bilang itinakda ng Dios para sa atin, pagtitiyaga sa buong kabanalan at pagkamakadiyos, pag anyaya sa iba na sundan ang ating mga halimbawa gaya ng pagsunod natin sa halimbawa ni Cristo.

***"2 Upang huwag na kayong mangabuhay sa laman sa inyong nalalabing panahon sa mga masamang pita ng mga tao, kundi sa kalooban ng Dios." (1 Pedro 4:2)*** Ang mayamang lalaki na pinahintulutan siya ng Dios ng magkaroon ng higit ay hindi para sa kanya na magpakasaya at makakuha ng kasiyahan nang labis sa ibinigay ng Dios sa kanya. *Sa tiyak na pagkakataon ang Dios ay nagbibigay ng marami ngunit hindi ibig sabihin niyaon ay gagatusin nating lahat para lamang mailabas ang lahat ng mga ito para sa laman, kundi para maging mapag-isip gastuhin ng mabuti kung ano ang itinakda para sa kalagayan ng buhay upang gastusin at hindi sa sukat ng kalabisan na ibinigay ng Dios. * At sa tiyak na panahon ang Dios ay nagbibigay ng mga pagsubok at pagdurusa, at hindi ibig sabihin niyon ay magreklamo at magalit sa Dios, hindi pagtanggap sa ibinigay Niya sa iyo mula sa mahihirap na panahon, mga pakikibaka at hamon.

Kusang loob na dapat nating ayusin ang ating mga sarili upang mamuhay ayon sa hangganan ng kalooban ng Dios. Ang pamumuhay sa kalooban ng Dios ay ating kahandaang magdusa alang alang sa Dios at tiisin ang sakit upang ang Kanyang Salita, ang Kanyang mga utos at ang Kanyang mga plano ay matupad sa ating mga buhay.

***"3 Sapagka't sukat na ang nakaraang panahon upang gawin ang hangad ng mga Gentil, at lumakad sa kalibugan, sa mga masamang pita, sa mga paglalasing, sa mga kalayawan, sa mga kayamuan, at sa kasuklamsuklam na pagsamba sa mga diosdiosan:" (1 Pedro 4:3)*** Ito ang tamang panahon para sa atin ngayon ay huminto sa buhay ng kasalanan at maging handang magdusa sa ating laman alang alang sa Dios at kay Cristo na ating Panginoon. Maraming panahon noon na tayo'y namuhay sa kasalanan at ginawa ang kalooban ng mga taong hindi nakikilala sa Dios; kaya ngayon ay ang panahon upang ihinto ang makasalanang buhay ng mga Gentil na hndi sumusunod sa Dios, na lumalakad sa paglabag sa mga utos ng Dios. Ngayon ay ang panahon upang ihinto ang ang sumusunod na mga makasalanang mga gawain:

***1. Kalibugan***: walang pipigil na pagnanasa, kalabisan, kahalayan, kabastusan, kawalanghiyaan, kapusungan.
***2. Mga masamang pita***: Pagnanasa, pananabik, o pananabik sa ipinagbabawal
***3. Mga paglalasing***: Pag iinom
***4. Mga kalayawan***: Magulong prusisyon ng kaguluhan matapos ng pag iinom sa lansangan, pagsigaw at pagkanta.
***5. Mga kayamuan***: Pagpapakasawa sa mga kasiyahan at paggastos ng malaki sa paganyaya sa iba sa pagkain at inumin.
***6. Kasuklamsuklam na pagsamba sa mga diosdiosan***: Kasuklamsuklam ay salungat sa kautusan at katarungan. Ipinagbabawal ng kautusan ng Dios. Sa mga nagsisigawa ng mga ito ay ginagawa ang napakasamang bagay laban sa Dios.

Ang Dios ay maawain sa atin, na matiyagang naghihintay sa atin hanggang sa makalabas tayo sa lahat ng masasamang bagay na ito, at isinama Niya sa atin kay Cristo Jesus ang panahong ibinigay natin ang ating buhay sa Dios. Kaya dapat nating isaalang alang ang Kanyang habag at huwag bumalik sa nakaraang buhay.

***"4 Ikinahahanga nila ang bagay na ito na kayo'y hindi nakikitakbong kasama nila sa gayong pagpapakalabis ng kaguluhan, kung kaya't kayo'y pinagsasalitaan ng masama:" (1 Pedro 4:4)*** Ang pagsunod kay Cristo ay hindi lamang sa paglabas sa lahat ng masasamang bagay na ito tulad na ating inilarawan, kundi ang ibig sabihin ng pagsunod sa Dios ay pagsalungat sa mga taong gumagawa ng lahat ng masasamang bagay na ito. Ang mismong mga tao na gumagawa ng lahat ng ating inilarawan ng masasamang gawain, sa huli ay makikita nila tayong nagbago at nagiging kakaiba sa nakikita nila sa atin dati. Ang paglapit kay Cristo ay hindi lamang para baguhin sa pagkatao, pag uugali, o gawi ng buhay kundi maging handa tayong ituring na masama sa ating naunang mga kasama at kaibigan. Maari pa nga silang matuksong magsalita ng masama sa atin; pagningasin ni Satanas upang magsalita ng masama laban sa ating bagong pag-uugali at laban sa ating pagtatalaga sa Dios, ngunit kailangan nating tiisin iyon at magtiyaga nalalaman na ang Dios ang magpapatunay sa atin.

***"Na sila'y magbibigay sulit sa kaniya na handang humukom sa mga buhay at sa mga patay." (1 Peter 4:5)*** Ang mga nagsasalita ng masama laban sa atin dahil iniwan natin sila at iniwan ang masasamang mga landas, upang sumunod kay Cristo, sila'y magbibigay sulit sa lahat ng kanilang ginawa at sinalita laban sa atin kay Cristo Mismo. Kailangan nating maunawaan na nakikita ni Cristo ang lahat ng bagay at Siya ay nagmamasid sa atin at sa kung anong ating pinagdaraanan mula sa pagdurusa. Sa mga nag uusig sa atin, sila'y haharap kay Cristo at sa Kanyang paghuhukom laban sa kanila alinman sa buhay na ito o sa buhay na darating. Ang Panginoon sa pagpapadala ng Kanyang paghatol sa mga nanggugulo sa atin, ang layunin niyon ay upang paginhawain tayo, at disiplinahin sila, upang ang pagdurusa na ipapataw sa kanila, na maaring makatulong sa kanilang pagsisisi. Ganyan Niya ipapakita ang Kanyang pagibig sa atin upang paginhawain tayo upang patuloy tayong makapaglingkod sa Kanya, at sa gayon ay ipinapakita Niya ang Kanyang pagmamahal sa mga taong laban sa atin. Sa Kanyang paghatol sa kanila ay binibigyan Niya sila ng pagkakataong magsisi at makatakas sa poot ng Dios, ***"9 Hindi mapagpaliban ang Panginoon tungkol sa kaniyang pangako, na gaya ng pagpapalibang ipinalalagay ng iba; kundi mapagpahinuhod sa inyo, na hindi niya ibig na sinoman ay mapahamak, kundi ang lahat ay magsipagsisi." (2 Pedro 3:9)*** Ang kanilang kasawian sa pagsisisi ay maghahatid sa kanila sa huling paghuhukom ng Dios. ***"8 Nguni't sa mga duwag, at sa mga hindi mananampalataya, at sa mga kasuklamsuklam, at sa mga mamamatay-tao, at sa mga mapakiapid, at sa mga manggagaway, at sa mga mapagsamba sa diosdiosan, at sa lahat na mga sinungaling, ang kanilang bahagi ay sa dagatdagatang nagniningas sa apoy at asupre; na siyang ikalawang kamatayan." (Pahayag 21:8)***

***"5 Na sila'y magbibigay sulit sa kaniya na handang humukom sa mga buhay at sa mga patay." (1 Peter 4:5)*** Ang buhay ay ang mga taong nabubuhay pa at may hininga ng buhay at maaring magpasya at magkaroon ng pagkakataon na magsisi. Sa paghatol sa kanila habang sila'y nabubuhay pa ay sasailalim sila sa pansamantalang paghatol na maaring mag-ambag sa kanilang pagbabago at pagbabalik loob. Ang mga patay ay yaong nakalipas at naghihintay sa huling paghuhukom ng Dios. ***"28 Huwag ninyong ipanggilalas ito: sapagka't dumarating ang oras, na ang lahat ng nangasa libingan ay makaririnig ng kaniyang tinig, 29 At magsisilabas; ang mga nagsigawa ng mabuti, ay sa pagkabuhay na maguli sa buhay; at ang mga nagsigawa ng masama, ay sa pagkabuhay na maguli sa paghatol." (Juan 5:28-29) "Ang panginoo'y nangangasiwa ng kahatulan sa mga bayan: iyong hatulan ako, Oh Panginoon, ayon sa aking katuwiran, at sa aking pagtatapat na nasa akin." (Awit 7:8) "Ang Dios ay matuwid na hukom, Oo, Dios na may galit araw-araw." (Awit 7:11) "Na anopa't sasabihin ng mga tao, Katotohanang may kagantihan sa matuwid: katotohanang may Dios na humahatol sa lupa." (Awit 58:11)***

***"6 Sapagka't dahil dito'y ipinangaral maging sa mga patay ang evangelio, upang sila, ayon sa mga tao sa laman ay mangahatulan, datapuwa't mangabuhay sa espiritu ayon sa Dios." (1 Pedro 4:6)*** Ang layunin ng pangangaral ng mabuting balita sa lahat ay magkaroon ng pagkakataon na marinig ang katotohanan at mabigyan ng pagkakataon na magsisi at bumalik sa Dios. Ang evangelio ay ang mabuting

balita na ipinahintulot ng Dios sa bawat tao na marinig ang Kanyang Salita at ang Kanyang kalooban. Parehong ang mga banal sa Lumang Testamento at Bagong Testamento ay nakatuon at nakatuwid sa mga landas ng Dios na kailangan nilang ipamuhay at isagawa upang maligtas.

***“Sapagka't dahil dito'y ipinangaral maging sa mga patay ang evangelio”:*** Sa gayong pahayag malinaw na lahat na nabuhay sa lupa ay inihayag at ihahayag ang Panginoon ang Kanyang Salita sa kanya o sa kaniya. Ang Salita ng Dios ay ipinangaral sa mga nabubuhay sa lupa. Ang Dios sa Kanyang habag ay nagbibigay ng pagkakataon sa bawat tao na Kanyang nilikha na marinig ang mensahe na dapat Niyang malaman upang mapakinggan.

***“Upang sila, ayon sa mga tao sa laman ay mangahatulan, datapuwa't mangabuhay sa espiritu ayon sa Dios.”*** Ang paghatol sa laman ay sa saloobin ng tao tungkol sa tao, at lahat ng ito ay tungkol sa panlabas na anyo ng tao (kagandahan, kalakasan, edukasyon, kayamanan, katanyagan, pakikipagligsahan, atbp. Ngunit ang paghatol ng Dios ay naiiba sa paghatol ng tao. Hindi hahatulan ng Dios ayon sa pamantayan o pagkiling ng tao. Ang Dios ay may Kanyang Salita na gagamitin Niya upang ilapat ang Kanyang paghatol sa tao. Sa mga namumuhay ayon sa pamantayan ng Salita ng Dios ay buhay sa Dios maging sila'y patay sa kanilang laman, at sa mga namumuhay sa pagnanasa ng laman upang pasiyahin ang kanilang makasalanang kalikasan sila'y patay maging sila'y buhay sa katawan, at sila'y dadaan sa paghatol ng Dios sa impierno matapos ang paghiwalay na ang kanilang kaluluwa sa kanilang katawan sa kanilang kamatayan.

Ang mga pangyayari ng buhay ay maaring magdala ng maraming tukso at mga pagtatalo tungkol sa mga puntong ito na ating tinalakay, ***“7 Nguni't ang wakas ng lahat ng mga bagay ay malapit na: kayo nga'y mangagpakahinahon, at mangagpuyat sa pananalangin:” (1 Pedro 4:7)*** Maaring ang mga tao ay kumilos patungo sa paggalang sa paghatol sa tao, at ang diablo ay tutuksuhin ang mga tao nang higit upang humiwalay at kalimutan ang paghatol ayon sa pamantayan ng Salita ng Dios. Kaya magkakaroon ng panahon na ang mga mananampalataya kay Cristo ay maaaring dumaan sa kalituhan, matuksong pumunta nang maluwag patungo sa pamantayan ng Salita ng Dios, samakatuwid ang babala ng apostol ay nakatuon sa simbahan, upang magtiis sa daan ng pagdurusa, at sa pamumuhay na malayo sa kamunduhan patungo sa pamantayan ng mga paraan ng Paghuhukom ng Dios.

***“Nguni't ang wakas ng lahat ng mga bagay ay malapit na:”*** Sinasabi ng mga apostol sa mga banal, Ikaw ay nagdusa nang higit at ang panahon ay malapit ng magwakas, sa gayon huwag matuksong iwanan ang iyong posisyon kay Cristo at kung anong magagawa mong makamit. Ang pagdating ni Cristo ay magiging mas malapit kaysa dati, at ang ibinibigay Niya sa atin mula sa Kanyang Salita ay isang tiyak na patnubay para sa atin sa buhay na ito: ***“19 At kami ay mayroong lalong panatag na salita ng hula; na mabuti ang inyong ginagawa kung ito'y inyong sinusundan, na gaya ng sa isang ilawang lumiliwanag sa isang dakong madilim, hanggang sa pagbubukang liwayway, at ang tala sa umaga ay sumilang sa inyong mga puso: kayo nga'y mangagpakahinahon, at mangagpuyat sa pananalangin:” (1 Pedro 1:19)***

***“Nguni't ang wakas ng lahat ng mga bagay ay malapit na:”*** Pinaaalalahanan ng mga apostol ang mga mananampalataya na mas maging mahinahon at mas matiyaga dahil malapit na ang wakas; malapit na ito. Sila'y naghintay ng matagal at nagdusa ng lubos, at ngayon ang panahon para sa pagggagantimpala. Ang Salita ng Dios ay nagbibigay sigla sa atin na dumaan tayo karamihan sa pagdurusa at mas malapit na tayo kaysa dati. Samakatuwid tayo ay gagantimpalaan nang sagana kung tayo ay hindi susuko. Sa gayon, ***“Huwag nga ninyong itakuwil ang inyong pagkakatiwala, na may dakilang ganting-pala.” (Hebreo 10:35)***

***“kayo nga'y mangagpakahinahon, at mangagpuyat sa pananalangin:”*** Para sa kadahilanang ito upang lampasan ang panahon ng tukso, kinakailangan nila, at kailangan natin, na ***magpakahinahon, at mangapuyat sa pananalangin***. Ang magpakahinahon ay maging matino sa pag iisip at alam kung paano pag-aralan ang mga pangyayari at gumawa ng mabuting pasya. Ang kahinahunan ay pagsasagawa ng pagpipigil sa sarili. Ang lalaki na pinalaya ni Jesus mula sa kampon ng mga demonyo ay nakita ng mga tao na siya ay may matinong pag-iisip. ***“15 At nagsiparoon sila kay Jesus, at nakita nila ang inalihan ng mga demonio na nakaupo, nakapanamit at matino ang kaniyang pagiisip, sa makatuwid baga'y siyang nagkaroon ng isang pulutong: at sila'y nangatakot.” (Marcos 5:15)*** Upang maging mahinahon ay ang paraan upang harapin ang paglusob ng masama. Si Satanas ay kakalabanin tayo at susubukang lituhin tayo, kaya naman kailangan nating panatilihin ang ating isip na mahinahon. Kaya naman tinagubilinan ni Pablo si Tito na ***“6 Iaral mo rin naman sa mga bagong tao na sila'y mangagpakahinahon ng pagiisip.” (Tito 2:6)***

***“kayo nga'y mangagpakahinahon, at mangagpuyat sa pananalangin.”*** Iminungkahi pa ni Pedro, para lampasan ang panahon ng tukso, ay mangapuyat sa pananalangin. Upang magagpuyat ay upang maging mahinahon, maingat at marunong tumutok at pag-isipan ang mga pangyayari at magpasya habang ikaw ay nagmamasid. ***mangapuyat sa pananalangin,*** ay upang gumawa ng tamang pagpapasya at gumawa ng mabuting desisyon na maihatid ang mga ito sa Panginoon sa pananalangin. ***“Huwag nga tayong mangatulog, gaya ng mga iba, kundi tayo'y mangagpuyat at mangagpigil.” (1 Tesalonica 5:6) “Datapuwa't palibhasa'y mga anak tayo ng araw, mangagpigil tayo, na isuot ang baluti ng pananampalataya at ng pagibig; at ang maging turbante ay ang pagasa ng kaligtasan.” (1 Tesalonica 5:8) “8 Kayo'y maging mapagpigil, kayo'y maging mapagpuyat; ang inyong kalaban na diablo, na gaya ng leong umuungal, ay gumagala na humahanap ng masisila niya:” (1 Pedro 5:8) “Kaya't inyong bigkisan ang mga baywang ng inyong pagiisip, na maging mapagpigil kayo at inyong ilagak na lubos ang inyong pagasa sa biyayang dadalhin sa inyo sa pagkahayag ni Jesucristo;” (1 Pedro 1:13) Pinayuhan ni Pablo si Timoteo. “Nguni't ikaw ay magpigil sa lahat ng mga bagay, magtiis ka ng mga kahirapan, gawin mo ang gawa ng evangelista, ganapin mo ang iyong ministerio.” (2 Timoteo 4:5)*** Ang mangapuyat sa pananalangin ay maging handa at handang gumawa ng ilang mahahalagang pasya at mga pagkilos na magsusulong sa iyo patungo sa misyon at layunin ng Dios sa buhay ng simbahan ng Dios at sa bayan ng Dios.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ang pagdurusa ay ayon sa kalooban ng Dios ay dapat nating adhikain at mithiin sa lahat ating Cristianong paglalakbay at kailangan nating panatilihin iyon sa pamamagitan ng lubos na pagtatalaga at pagsuko ng ating buhay at kaluluwa sa Kanya, upang dalhin tayo at panatilihin tayo sa daan na nais Niyang tahakin natin. Sa kadalamhatian Siya ay nariyan upang pakalmahin tayo, sa pagsalungat Siya ay nagdurusa kasama natin, sa pagdurusa, Siya ang ating pagasa at nagpapalakas sa ating loob sa pananalangin hanggang makatagpo natin Siya sa alapaap, ***"Kaya't mangagaliwan kayo sa isa't isa ng mga salitang ito." (1 Tesalonica 4:18)***

Tayo ay manalangin….

***Ang aking Panalangin***: *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga namatay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon ako'y nagpapasalamat sa iyo para sa iyong salita na nagawa kong maunawaan ang paraan na nais mong ipamuhay ko ang aking buhay para sa iyo.*

*Tayo ay magsisi at talikuran ang lahat ng ating mga kasalanan ________________.*

*Tayo ay lumabas mula sa kamunduhan at mula sa pakikipagkaibigan sa sanglibutan, at ating talikuran ang lahat ng nakaraang mga kasalanan at masamang gawain.*

*Panginoon, ipinapangko ko ang aking buhay sa iyo sa pagiging handa na manindigan para sa katotohanan, handang harapin ang kasalanan, kasamaan at pakikipagkompromiso sa loob at labas ng iyong simbahan. Panginoon bigyang kapangyarihan ako ng iyong Banal na Espiritu at palakasin ang aking loob kapag ang mga tao'y nagsasabi ng maraming bagay laban sa akin dahil sa iyong Salita at sa katotohanan. Panginoon ipinapangko ko ang aking buhay na mamuhay sa pananalangin na nais mo akong masangkot. Panginoon alalayayan mo ako at ibigay ang para sa akin upang ako'y makapagpatuloy maglingkod sa iyo.*

*Panginoon ako'y nanalangin para sa aking mga kapatiran na itinalaga ang kanilang buhay para maglingkod sa iyo, protektahan mo sila mula sa masama at mula sa pag-uusig at pagbibintang. Panginoon ibigay sa kanila ang higit ng Banal na Espiritu at ibigay sa kanila ang mga kinakailangang mga kaloob ng Banal na Espiritu upang magpatuloy at maglingkod sa iyo.*

*Panginoon, puspusin mo kaming muli ng iyong Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming buhay. Panginoon paging dapatin kami na makapag evangelio at abutin ang bagong mga tao ng Mabuting Balita at ng mensahe ni JesuCristo. Panginoon puspusin mo kami ng iyong pagibig, habag, katarungan at katuwiran at paging dapatin kaming makapagtanim ng bagong pag aaral ng Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya mg Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014

SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1gmail.com